

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sinusuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang planong konsepto sa Heritage Heights

BRAMPTON, ON (Agosto, 2020) – Sa pagpupulong nito sa Miyerkules, Agosto 5, sinusuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang planong konsepto para sa huling di pa na-develop na area ng Brampton: ang Heritage Heights.

Sumasaklaw sa 4,000 acre at kumakatawan sa 1/16th ng kabuuang area ng Brampton, ang Heritage Heights ay nasa northwest ng Brampton, na umaabot mula Mayfield Road hanggang Credit River valley, at mula Winston Churchill Boulevard hanggang Mississauga Road. Hina-highlight ito sa Brampton 2040 Vision bilang pinanukalang lokasyon para sa bagong Town Centre – isang kumpleto, buong serbisyo, halo-halong gamit na lugar na may mga opsyon ng trabaho at pabahay. Ang planong konsepto para sa Heritage Heights ay kumakatawan sa pinakamahuhusay na praktis para sa paglikha ng komunidad kung saan ang mga residente at mga employer sa hinaharap ay magkapag-enjoy sa isang nakakalusog na uri ng pamumuhay at de kalidad na buhay. Ito ay batay sa ekstensibong pagpapalahok sa komunidad, at nagtatakda sa balangkas para sa sustainable, matitirahan, masigla, at nakakalusog na lugar para mamuhay, magtrabaho, matuto at maglaro.

May sapat na pabahay at mga pagkakataon sa pag-unlad sa trabaho para sa Brampton sa ilalim ng sinuportahang planong konsepto ng Heritage Heights. Ang plano ay nagtatampok ng hanay ng mga opsyon sa pabahay na may kumbinyenteng access sa mas maayos na transit, kabilang ang GO station at konektadong network ng mga trail at mga bukas na espasyo. Nasa gitna ng plano ang north/south urban motorway, kabilang ang itinalagang lane ng trak lamang, sa puwesto ng pinanukalang GTA West Transportation Corridor hanggang Heritage Heights. Ang pangunahing boulevard na ito ay lilikha ng isang setro ng halo-halong uban para sa komunidad kung saan ang mga residente at mga bisita ay magawang mamili, mag-enjoy sa mga lokal na restawran, magsimula ng isang negosya at maging bahagi ng malusog, aktibo at masiglang uri ng pamumuhay. Ang isang pinanukalang Wellness District, na kinabibilangan ng potensyal na ospital sa hinaharap at karagdagang mga medikal na pansuportang serbisyo, ay makikita sa kahabaan ng pangunahing urban motorway. Ang plano ay magbubunga sa ganap na konektado, modernong komunidad na isinasagawa ang pagpapaunlad sa pinaka-nakakabuti sa kapaligiran na paraan.

Para matiyak na inilalarawan ng Heritage Heights ang mga ideya ng mga residente ng Brampton, ipagpapatuloy ng Lungsod ang ekstensibo nitong proseso sa pagpapalahok sa komunidad kasama ang may kaugnayang mga stakeholder. Isasagawa ng Lungsod ang kinailangang mga teknikal na pag-aaral at mahigpit na makikipagtulungan sa ibang mga antas ng pamahalaan, na may layuning rebisahan ang sekundaryong plano, sa susunod na yugto ng proseso, na tatapusin sa dulo 2020.

Para sa karagdagang impormasyon sa Heritage Heights at sa programa sa pagpapalano ng Lungsod, bumisita sa www.brampton.ca/nwbrampton.

Mga Quote

“Ang paglikha ng kumpleto, sustainable at konektadong mga komunidad na nagpapahintulot sa mga residente na panatilihin ang de kalidad na buhay ay isang prayoridad para sa Konseho ng Lungsod at

mahalaga sa atin na makamit ang ating Brampton 2040 Vision. Bilang huling di pa nadebelop na lugar, ang Heritage Heights ay isang magandang pagkakataon para itama ito mula sa umpisa. Nagtitiwala ako na ang planong konseptong ito ay gagawin iyan, ang paghahatid ng mga trabaho, abot-kayang pabahay at pagkakataon na mamuhay, magtrabaho, matuto at maglaro sa northwest Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ay naghahangad ng mahalagang komento ng residente, ng bawat karanasan at background, mula sa buong Brampton at na ang mahalagang pagtutulungan ay tiyak na kumakatawan sa planong konsepto sa Heritage Heights. Ang 2040 Vision ay naghahatid ng tunay na pagbabago sa kung paano tayo nagpapalano, kabilang ang pagtingin sa lahat ng pagpapaunlad bilang bahagi ng kabuuan. Ang planong Heritage Heights ay isang mahalagang piraso ng pagkamit sa mga layuning ito at ipinagmamalaki kong suportahan ito.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Komite ng Pagpapalano at Pagpapaunlad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Heritage Heights ay isang katang-tanging oportunidad para buuhin ang pasulong na pag-iisip, maalalahanin at magandang komunidad na maipagmamalaki ng lahat ng Bramptonian. Habang patuloy nating pinapasali ang publiko at ang sumiglang mga stakeholder, nagpapasalamat tayo sa kanilang pagmamahal at kamang-manghang ambag. Nararapat sa mga tao ng Brampton ang pinaka-maganda at ang planong konseptong ito ay naghahatid sa maraming antas ng pangangailangan ng mga residente.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Komite ng Pagpapalano at Pagpapaunlad, Lungsod ng Brampton*

“Sa loob ng nakalipas na limang taon, nagsisikap tayo kasama ang mga stakeholder, mga may-ari ng lupa, at mga residente ng Brampton para makatulong sa paghubog ng kinabukasan ng Heritage Heights. Ang planong konseptong ito ay sumasaklaw sa vision na nagpapa-develop ng mga lupain bilang kumpletong entity at nagha-highlight ng direksyon para sa pagpapalano ng sustainable, masigla at abot-kayang pag-develop sa hinaharap. Ipinagmamalaki nating suportahan ang plano na ito at patuloy na pasasalihin ang lahat ng partido para sumulong upang magbigay ng matitirahan at konektadong komunidad sa northwest Brampton.”

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6, at Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagpapalano at pagtayo ng isang komunidad na naglalarawan sa mga pangangailangan at mga ideya ng mga residente ng Brampton ay humihikayat sa atin sa Lungsod, at ang planong konsepto sa Heritage Heights ay nagpapagalaw sa atin na isang hakbang na mas malapit para magawa iyan sa nasabing area. Inaasahan ng staff na patuloy na makakaugnayan ang mga residente, mga may-ari ng lupa at ibang may kaugnayang mga stakeholder para rebisahin ang sekondaryong plano sa Heritage Heights kasama ang layunin ng paglikha ng napaka-matitirahan, konektado at kumpletong komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyonn
City of Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca